# شروط الصلاة وأركانها وواجباتها

# Ang mga Kundisyon ng Ṣalāh, ang mga Haligi Nito, at ang mga

# Kinakailangan Dito

# Ang mga Kundisyon ng Ṣalāh, ang mga Haligi Nito, at ang mga Kinakailangan Dito

Pag-aakda ni Shaykh Al-Islām, ang Tagapagpanariwa, si Imām Muḥammad bin `Abdilwahhāb – kaawaan siya ni Allāh.

1115-1206 AH (1703-1792 CE)

Nagsiyasat nito, nagbigay-pansin dito, at nagsadokumento ng mga ḥadīth nito ang nangangailangan kay Allāh (napakataas Siya):

Si Dr. Sa`īd bin `Alīy bin Wahaf Al-Qaḥṭānīy

Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain

## Ang Paunang Salita ng Tagapagsiyasat

Tunay na ang papuri ay ukol kay Allāh. Nagpupuri tayo sa Kanya, nagpapatulong tayo sa Kanya, at humihingi tayo ng tawad sa Kanya. Nagpapakupkop tayo kay Allāh laban sa mga kasamaan ng mga sarili natin at mga masagwa sa mga gawa natin. Ang sinumang papatnubayan ni Allāh ay walang magliligaw sa kanya at ang sinumang ipaliligaw ni Allāh ay walang magpapatnubay sa kanya. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si

Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya. Basbasan Niya ito, ang mag-anak nito, at ang mga Kasamahan nito, at pangalagaan nang pangangalagang palagi. Sa pagsisimula...

Tunay na ang aklat na "Ang mga Kundisyon ng Ṣalāh, ang mga Haligi Nito, at ang mga Kinakailangan Dito" ni Imām Muḥammad bin `Abdilwahhāb ay kabilang sa pinakakapaki-pakinabang sa mga aklat, lalo na sa mga nagsisimula at mga madlang tao; bagkus nagpakinabang nga si Allāh sa pamamagitan nito sa mga piling tao at mga madlang tao kung paanong nagpakinabang Siya (kaluwalhatian sa Kanya) sa pamamagitan ng nalalabi sa mga inakdaan nito sa lahat ng mga rehiyon ng lupa. Ito ay bahagi ng kabutihang-loob ni Allāh sa kanya at sa mga tao.

Naipaliwanag na ng Kanyang Kabunyian, ang Shaykh nating si Imām `Abdul`azīz bin `Abdillāh bin Bāz (kaawaan siya ni Allāh), ang pinagpalang aklat na ito sa masjid niyang katabi ng tirahan niya. Binasa ito sa kanya ng imām ng masjid niya na si Shaykh Muḥammad Ilyās `Abdulqādir. Iyon ay noong humigit-kumulang taong 1410 AH. Ipinaliwanag ito ng Kanyang Kabunyian, ang Shaykh, sa mga nagdarasal sa loob ng limang araw sa limang sesyon sa pagitan ng adhān at iqāmah ng ṣalāh na `ishā'. Iyon ay naging isang pagpapaliwanag na namumukod, na nasiyasat, na

pinaikli, na nagbibigay-katuturan, na kapaki-pakinabang. Ang total ng haba ng limang araling ito ay 90 minuto sa iisang cassette tape. Nanatili ito sa piling ko nang humigit-kumulang 25 taon hanggang sa buwan ng Muḥarram ng 1435 H, kaya padaliin nawa ni Allāh ang paglalathala ng cassette tape.

Ang gawain ko ay ayon sa sumusunod na paraan:

1. Inihambing ko ang nakarekord na pananalita ng Shaykh (kaawaan siya ni Allāh) sa cassette tape sa nakalathala, maging ito man ay sa teksto o paliwanag, nang salita sa salita nang masusi. Ang papuri ay ukol kay Allāh.

2. Inihambing ko ang teksto ng aklat na "Ang mga Kundisyon ng Ṣalāh, ang mga Haligi Nito, at ang mga Kinakailangan Dito" sa apat na kopya. [Ang una ay] sa kopya ng tagabasa na nagbabasa dati rito sa Shaykh kung paano nitong binasa iyon habang ang Shaykh ay nakikinig. Ginawa ko ito bilang batayan. [Ang ikalawa ay] sa dalawang kopyang nakasulat-kamay. Ang unang kopya ay kumpleto sa isang sulat-kamay na maliwanag at marikit. Ang tagakopya nito ay si Muḥammad bin Ibrāhīm Aḍ-Ḍawayān na may petsang 6/5/1307AH. Ito ay iniingatan sa Sentro Haring Faysal Para sa mga Pananaliksik at mga Pag-aaral Islāmiko sa microfilm numero 5250. Ang orihinal ng manuskrito ay nasa aklatan ng Jāmi` `Unayzah

sa Al-Qaṣīm. Ang kopyang ito ay napaloob sa isang pangkat ng mga manuskritong Thalāthah Al-Uṣūl (Ang Tatlong Batayan), Al-Qawā`id Al-Arba`ah (Ang Apat na Panuntunan), at Kashf Ash-Shubuhāt (Ang Pagbubunyag ng mga Maling Akala). Ang lahat ng mga ito ay akda ng tagapag-akdang ito (kaawaan siya ni Allāh). Ang ikalawang kopyang nakasulat-kamay ay nasa Sentro Haring Fayṣal sa loob ng microfilm numero 5265. Ang orihinal ng lugar ng manuskritong ito ay ang aklatan ng Jāmi` `Unayzah sa Al-Qaṣīm. Ito ay napaloob sa isang pangkat ng mga manuskritong Thalāthah Al-Uṣūl (Ang Tatlong Batayan), Al-Qawā`id Al-Arba`ah (Ang Apat na Panuntunan), at Kashf Ash-Shubuhāt (Ang Pagbubunyag ng mga Maling Akala), Al-Qawā`id Al-Arba`ah (Ang Apat na Panuntunan), Kitāb At-Tawḥīd (Ang Aklat ng Tawḥīd), at Adāb Al-Mashy Liṣ-Ṣalāh (Ang mga Etiketa sa Paglalakad Tungo sa Ṣalāh). Ang lahat ng mga ito ay akda ng tagapag-akdang ito (kaawaan siya ni Allāh). Kasama ng mga ito gayon din ang manuskrito ng Al-`Aqīdah Al-Wāsiṭīyah (Ang Paniniwalang Wāsiṭeo) na akda ni Shaykh Al-Islām Ibnu Taymiyah (kaawaan siya ni Allāh). Ang ikalawang kopyang ito ay kinopya noong taong 1338 AH. Hindi isinulat rito ng tagakopya ang pangalan niya. Ito ay isang manuskritong nasa isang sulat-kamay na maliwanag at marikit subalit mayroon ditong bahagyang butas mula sa sabi ng tagapag-akda: "Ang patunay ay ang sabi Niya

(napakataas Siya): Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi..." hanggang sa sabi niya: "...sumakanya at pangalagaan sa magkasabay na oras..." Ang kopyang ito ay inihambing ko sa mga ibang kopya. Ang ikaapat na kopya ay edisyon ng Pamantasang Islāmiko ng Imām Muḥammad Bin Sa`ūd na nagsagawa ng pagtutumpak nito at paghahambing nito sa kopyang nakasulat-kamay 86/269: Shaykh `Abdul`azīz bin Zayd Ar-Rūmīy at Shaykh Ṣāliḥ bin Muḥammad Al-Ḥasan.

3. Pinagtibay ko ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga kopya sa talababang pangkomentaryo.

4. Tinunton ko ang mga talata ng Qur'ān sa mga kabanata ng mga ito.

5. Isinadokumento ko ang lahat ng mga ḥadīth at mga athar.

6. Gumawa ako ng isang indise ng mga talata ng Qur'ān, mga ḥadīth, at mga athar.

7. Pinangalanan ko ang paliwanag [na ito] bilang "Ash-Sharḥ Al-Mumtāz Li-Samāḥah Shaykh Al-Imām `Abdul`azīz bin `Abdillāh bin Bāz" (Ang Namumukod na Paliwanag ng Kanyang Kabunyian, ang Shaykh na Imām `Abdul`azīz bin `Abdillāh bin Bāz). Matapos na natapos ko ang Ash-sharḥ Al-Mumtāz (Ang Namumukod na Paliwanag) na nabanggit kanina at inilimbag ito,

inibig ko na ibukod-tangi ko ang teksto ng "Ang mga Kundisyon ng Ṣalāh, ang mga Haligi Nito, at ang mga Kinakailangan Dito" sa isang aklat na nakabukod-tangi, kalakip ng lahat ng pagsisikap na ipinagkaloob dito, buhat sa paliwanag niya na "Ang Namumukod na Paliwanag". Harinawang si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay magpakinabang nito. Ito ay dahil ang pagbubukod-tangi rito buhat sa paliwanag nito ay magiging higit na madali sa pagsasaulo nito, lalo na sa mga nagsisimula at iba pa sa mga ito. Ang sinumang nakaibig na sumangguni sa nabanggit na Namumukod na Paliwanag ay sumangguni rito.

Si Allāh (napakataas Siya) ay hinihilingan ko na gawin Niya ang gawang ito bilang wagas ba ukol sa marangal na Mukha Niya, na pakinabangin Niya sa pamamagitan nito ang may-akda nito na si Imām Muḥammad bin `Abdilwahhāb (kaawaan Niya ito) at ang tagapagpaliwanag nito na Shaykh nating si Ibnu Bāz (kaawaan Niya ito), na gawin Niya ito para sa kanilang dalawa kabilang sa kaalamang nagpapakinabang, na pakinabangin Niya ako sa pamamagitan nito sa buhay ko at matapos ng pagkamatay ko, at pakinabangin Niya sa pamamagitan nito ang sinumang hinantungan nito sapagkat tunay na Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay pinakamabuting hinihilingan at pinakamapagbigay na inaasahan. Siya ay kasapatan sa atin at kay inam Siya, ang Pinananaligan. Walang pagpapakilos at walang

lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh, ang Mataas, ang Sukdulan. Basbasan ni Allāh, pangalagaan Niya, at gawaran Niya ng pagpapala ang Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak nito, at ang mga Kasamahan nito nang magkakasama.

Isinulat ito ni Abū `Abdirraḥmān,

Sa`īd bin `Alīy bin Wahaf Al-Qaḥṭānīy.

Isinatitik ito matapos ng dasal sa tanghali ng araw ng Miyerkules ng 25/5/1435 AH (26 ng Marso, 2014).

Ang ikaanim na pahina mula sa unang manuskrito ay may numero 5258 sa Sentro Haring Fayṣal. Ito ay pinag-iingatan sa aklatan ng Jāmi` `Unayzah sa Qaṣīm.

Ang ikalimang pahina mula ikalawang manuskrito ay may numero 5265 sa Sentro Haring Fayṣal.

Ito ay pinag-iingatan sa aklatan ng Jāmi` `Unayzah sa Qaṣīm.

[Nagsabi ang may-akda na si Shaykh Al-Islām, ang Tagapagpanariwa, Imām Muḥammad bin `Abdilwahhāb – kaawaan siya ni Allāh]:

## Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain

## Ang mga kundisyon ng ṣalāh ay siyam:

1. ang [pagkaanib sa] Islām, 2. ang [katinuan ng] pag-iisip, 3. ang [edad ng] pagkawari, 4. ang pagkapawi ng kasiraan ng wuḍū', 5. ang pagkaalis ng karumihan, 6. ang pagtatakip ng kahubaran (`awrah), 7. ang pagpasok ng oras, 8. ang pagharap sa qiblah, at 9. ang layunin.

Ang Unang Kundisyon: Ang [pagkaanib sa] Islām at ang kasalungatan nito ay ang kawalang-pananampalataya. Ang tagatangging sumampalataya, ang gawain niya ay tinatanggihan, kahit pa man gumawa siya ng

alinmang gawain.[1],[2]. Ang patunay ay ang sabi Niya (napakataas Siya):

﴿مَا كَانَ لِلْمُشْرِكِينَ أَن يَعْمُرُواْ مَسَاجِدَ الله شَاهِدِينَ عَلَى أَنفُسِهِمْ بِالْكُفْرِ أُوْلَئِكَ حَبِطَتْ أَعْمَالُهُمْ وَفِي النَّارِ هُمْ خَالِدُونَ﴾،

{Hindi naging ukol sa mga tagapagtambal na magtaguyod sa mga masjid ni Allāh habang mga tagasaksi laban sa mga sarili nila sa kawalang-pananampalataya nila. Ang mga iyon ay nawalang-kabuluhan ang mga gawa nila, at sa Impiyerno sila

---

[1] Sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<Ang tagatangging sumampalataya, ang gawain niya ay tinatanggihan. Hindi tinatanggap ang pagdarasal malibang mula sa isang Muslim. Ang patunay ay ang sabi Niya (napakataas Siya): {Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga malulugi.} (Qur'ān 3:85) Ang tagatangging sumampalataya, ang gawain niya ay tinatanggihan sa kanya, kahit pa man gumawa siya ng alinmang gawain...">>.

[2] Dito ang pagsisimula ng patlang sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay at ang pagwawakas nito ay nasa gitna ng ikasiyam na kundisyon.

ay mga mamamalagi.}[1] Ang sabi pa Niya (napakataas Siya):

﴿وَقَدِمْنَا إِلَى مَا عَمِلُوا مِنْ عَمَلٍ فَجَعَلْنَاهُ هَبَاءً مَّنثُورًا﴾.

{Tutuon Kami sa anumang ginawa nila na gawain saka gagawin namin ito na alabok na isinabog.}[2]

Ang Ikalawang [Kundisyon][3]: Ang [katinuan ng] pag-iisip at ang kasalungatan nito ay ang kabaliwan. Ang baliw ay nakaangat para sa kanya ang panulat [ng mga gawa] hanggang sa matauhan siya. Ang patunay ay ang ḥadīth:[4] **{Inangat ang panulat sa tatlo: sa natutulog hanggang sa magising siya, sa baliw hanggang sa matauhan**

---

[1] Qur'ān 9:17.

[2] Qur'ān 25:23.

[3] Sa kopya ng tagabasa at kopya ng Pamantasan: <<Ang Ikalawa>> ay walang salitang: "Kundisyon".

[4] Sa kopya ng tagabasa at kopya ng Pamantasan: <<Ang ḥadīth>> at sa unang manuskrito: <<hanggang sa matauhan siya, batay sa ḥadīth...>>.

**siya, at sa bata hanggang sa umabot siya [sa sapat na gulang].}**[1]

---

[1] Nagtala nito si Imām Abū Dāwud, Kitāb Al-Ḥudūd, Bāb Fī Al-Majnūn Yasriqu Aw Yuṣibu Ḥaddan, nang may numero 4405. Ang pananalita nito ay ayon kay `Alī (malugod si Allāh sa kanya), ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Inangat ang panulat sa tatlo: sa natutulog hanggang sa magising siya, sa bata hanggang sa magbinata siya, at sa baliw hanggang sa makapag-unawa siya." May iba pa rito ayon sa mga pananalitang nagkakalapitan na nagkakaiba-iba ang pagkakasunud-sunod sa pagitan ng natutulog, baliw, at bata. Ang lahat ng mga ito ay ayon kay `Alī (malugod si Allāh sa kanya). [Nagtala rin nito] si Imām At-Tirmidhīy, Kitāb Al-Ḥudūd `An Rasūl Allāh, Bāb Mā Jā'a Fīman Lā Yajibu `Alayhi Al-Ḥadd, nang may numero 1423. [Nagtala rin nito] si Imām Aḥmad 2/461, nang may numero 1362. [Nagtala rin nito] si Imām Al-Ḥākim 2/59. Sumang-ayon siya sa katumpakan nito at sumang-ayon sa kanya si Adh-Dhahabīy. Sumang-ayon sa katumpakan nito dahil sa iba pa rito ang mga tagapagsiyasat ng Al-Musnad, 2/461. Sumang-ayon sa katumpakan nito ang paham na si Al-Albānīy sa Irwā' Al-ghalīl 2/5. Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya), na may pananalita: Na ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Inangat ang panulat sa tatlo: sa natutulog hanggang sa magising siya, sa sira-ulo hanggang sa gumaling siya, at sa bata hanggang sa

Ang Ikatlo: Ang [edad ng] pagkawari at ang kasalungatan nito ay ang pagkabata, na ang hangganan nito ay pitong taon, pagkatapos uutusan ito[1] ng pagdarasal, batay sa sabi niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{Mag-utos kayo sa mga anak ninyo ng pagdarasal sa edad na pito, mamalo kayo sa kanila dahil doon sa edad na sampu, at magpahiwalay kayo sa kanila sa mga higaan."**[2]

---

lumaki siya." [Nakatala ito sa] Abū Dāwud, Kitāb Al-Ḥudūd, Bāb Fī Al-Majnūn Yasriqu Aw Yuṣibu Ḥaddan, nang may numero 4400; Aḥmad 51/42, nang may numero 25114; at iba pa sa dalawang ito, na may mga pananalitang nagkakalapitan. Sumang-ayon sa kahusayan ng kawing ng pagpapaabot nito ang mga tagapagsiyasat ng Al-Musnad, 42/51. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Irwā' Al-ghalīl 2/4.

[1] Sa unang manuskrito: <<uutusan ito ng pagdarasal>> nang walang "pagkatapos".

[2] Nagtala nito si Imām Abū Dāwud, Kitāb Aṣ-Ṣalāh, Bāb Matā Yu'maru Al-ghulām Bi Aṣ-Ṣalāh, nang may numero 495, na may pananalitang: "Mag-utos kayo sa mga anak ninyo ng pagdarasal kapag sila ay pitong taong gulang, mamalo kayo sa kanila dahil doon kapag sila ay sampung taong gulang, at magpahiwalay kayo sa kanila sa mga higaan." [Nagtala rin nito] si Imām Aḥmad 11/369, nang may numero 6756, na ang pananalita nito: "Mag-utos kayo sa mga anak ninyo ng pagdarasal sa edad na pitong taon, mamalo kayo sa

Ang Ikaapat[1] na Kundisyon: Ang pagpawi ng kasiraan ng wuḍū'. Ito ay ang [pagsasagawa ng] nalalamang wuḍū' at ang tagapag-obliga nito ay ang kasiraan ng wuḍū'.

Ang mga kundisyon nito ay sampu: 1. ang [pagkaanib sa] Islām, 2. ang [katinuan ng] pag-iisip, 3. ang [edad ng] pagkawari, 4. ang layunin, 5. ang pagsasama ng patakaran nito sa pamamagitan ng hindi paglalayon ng pagputol nito hanggang sa

---

kanila dahil doon sa edad na sampung taon, at magpahiwalay kayo sa kanila sa mga higaan. Kapag ipinakasal ng isa sa inyo ang alipin niya o ang alila niya, huwag nga siyang tumingin sa anuman sa kahubaran nito sapagkat tunay na ang anumang higit na mababa kaysa sa pusod nito hanggang sa mga tuhod nito ay bahagi ng kahubaran nito." Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad rin, nang may numero 6689, na ang pananalita nito: "Mag-utos kayo sa mga paslit ninyo ng pagdarasal kapag umabot sila sa edad na pito, mamalo kayo sa kanila dahil doon kapag umabot sila sa edad na sampu, at magpahiwalay kayo sa kanila sa mga higaan." Ayon ito kay `Amr bin shu`ayb, ayon sa ama nito, ayon sa lolo nito. Sumang-ayon sa kagandahan ng kawing ng pagpapaabot nito ang mga tagapagsiyasat ng Al-Musnad, 11/369. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Irwā' Al-ghalīl 1/266.

[1] Sa unang manuskrito: <<Ang ikaapat>> ay walang "Kundisyon". Ito ay nasa kopya ng tagabasa at edisyon ng Pamantasan.

malubos ang kadalisayan,[1] 6. pagkaputol ng tagapag-obliga, 7. paghuhugas o pagpapahid [matapos dumumi o umihi], 8. pagkadalisay at pagkapinapayagan ng tubig, 9. ang pagkaalis ng anumang nakapipigil sa pag-abot ng tubig balat, at 10. pagpasok ng oras[2] para sa sinumang ang kasiraan ng wuḍū' ay palagi, para sa tungkulin [na dasal] dito.

Hinggil naman sa mga tungkulin nito, ito ay anim: 1. Ang paghuhugas ng mukha at bahagi nito ang pagmumumumog at ang pagsinga ng sininghot na tubig, na ang hangganan nito sa pababa ay mula sa mga tinutubuan ng buhok sa ulo hanggang sa baba, at sa pahalang ay sa magkabilaan ng mga tainga; 2. ang paghuhugas ng mga kamay hanggang sa mga siko; 3. ang pagpahid sa buong ulo at bahagi nito ang mga tainga; 4. ang paghuhugas ng mga paa hanggang sa mga bukungbukong; 5. ang pagkakasunud-sunod; at 6. ang pagkatuluy-tuloy.[3] Ang patunay ay ang sabi Niya (napakataas Siya):

---

[1] Sa unang manuskrito: <<ṭahāratuhu (kadalisayan niya)>> nang wala ang pantukoy na pantiyak. Ang pantukoy na pantiyak ay nasa kopya ng tagabasa at limbag ng Pamantasan.

[2] Sa unang manuskrito: <<at pagpasok ng oras>>.

[3] Sa unang nakasulat ay bumanggit matapos ng pagkatuluy-tuloy: <<ang kinakailangan dito ay ang

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُواْ إِذَا قُمْتُمْ إِلَى الصَّلاةِ فاغْسِلُواْ وُجُوهَكُمْ وَأَيْدِيَكُمْ إِلَى الْمَرَافِقِ وَامْسَحُواْ بِرُؤُوسِكُمْ وَأَرْجُلَكُمْ إِلَى الْكَعْبَينِ﴾ الآية.

{O mga sumampalataya, kapag tumayo kayo patungo sa pagdarasal ay maghugas kayo ng mga mukha ninyo, mga kamay ninyo hanggang sa mga siko – humaplos kayo sa mga ulo ninyo – at mga paa ninyo hanggang sa mga bukungbukong.}[1] Ang talata.[2]

Ang patunay ng pagkakasunud-sunod ay ang ḥadīth: **{Magsimula kayo ng ipinangsimula ni Allāh.}**[3]

---

pagsambit ng pangalan [ni Allāh] kalakip ng pagsambit ng pag-alaala [sa Kanya]>>.

[1] Qur'ān 5:6.

[2] <<Ang talata>> ay hindi nasa unang kopyang nakasulat-kamay ni nasa ikalawa.

[3] Nagsalaysay nito si Imām An-Nasā'īy, Kitāb Manāsik Al-Ḥajj: Al-Qawl Ba`da Rak`atay Aṭ-Ṭawāf, nang may numero 2962, mula sa ḥadīth ni Jābir (malugod si Allāh sa kanya). Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Tamām Al-Minnah, pahina 88.

Ang patunay ng pagkatuluy-tuloy ay ang ḥadīth ng may-akda ng Al-Lum`ah, ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na: {Noong nakakita siya ng isang lalaki, na sa paa (qadam) nito[1] ay may isang bahagi na kasukat ng dirham na hindi tumama roon ang tubig, nag-utos siya rito[2] na umulit."[3]

---

Nagsalaysay nito si Imām Muslim sa [Kitāb] Al-Ḥajj, Bāb Ḥijjah An-Nabīy, nang may numero 1218, na ang pananalita nito: "Magsimula kayo ng ipinangsimula ni Allāh."

[1] Sa unang manuskrito: <<sa paa (rijl) nito>>.

[2] Sa unang manuskrito: <<nag-utos siya rito na umulit>>.

[3] Abū Dāwud, Kitāb Aṭ-Ṭahārah, Bāb Tafrīq Al-Wuḍūʼ, nang may numero 175; at Aḥmad 24/251, nang may numero 15595; ayon sa ilan sa mga Kasamahan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na may pananalita: {Na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nakakita ng isang lalaking nagdarasal – habang sa ibabaw ng paa nito ay may isang bahagi na kasukat ng dirham na hindi tumama roon ang tubig – kaya nag-utos rito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na umulit ito ng wuḍūʼ at dasal.} Sumang-ayon sa katumpakan nito dahil sa iba pa rito ang mga tagapagsiyasat ng Al-Musnad, 24/252 at si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Sunan Abī Dāwud 1/310, nang may numero 168. Nagpaabot si Ibnu Daqīq Al-`Īd sa Al-Ilmām,

Ang kinakailangan dito ay ang pagsambit ng pangalan [ni Allāh] kalakip ng pagsambit ng pag-alaala [sa Kanya].[1]

Ang mga tagasira nito ay walo: 1. ang lumalabas sa dalawang labasan [ng ihi at dumi], 2. ang lumalabas na labis-labis na marumi[2] mula sa katawan, 3. ang paglaho ng isip, 4. ang paghipo sa babae nang may pagnanasa,[3] 5. ang paghipo sa

---

pahina 15, ayon kay Imām Aḥmad na ang kawing ng pagpapaabot nito ay mahusay. Nagsalaysay nito sa pamamagitan ng tulad nito si Imām Ibnu Mājah sa Sunan niya, Kitāb Aṣ-Ṣalāh, Bāb Man Tawaḍḍa'a Fa-Taraka Mawḍi`an Lam Yuṣibhu Al-Mā', nang may numero 666, ayon kay `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya).

[1] Sa unang kopyang nakasulat-kamay ay may pagpapauna sa sugnay na ito matapos ng sabi niya: <<at ang pagkatuluy-tuloy>>.

[2] Ang <<marumi>> ay hindi nasa unang kopyang manuskrito.

[3] Nagsabi ang Shaykh nating si Ibnu Bāz (kaawaan siya ni Allāh) sa Ash-Sharḥ Al-Mumtāz (Ang Namumukod na Paliwanag), pahina 68, kaugnay sa pagsaling sa babae nang may pagnanasa kapag walang lumabas na anumang madhy o iba pa rito: "Ang tama ay na ito ay hindi nakasisira dahil ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay humahalik noon sa ilan sa mga maybahay niya, pagkatapos hindi siya nagsasagawa ng wuḍū'." [Aḥmad sa Al-Musnad 42/499, nang may

maselang bahagi sa pamamagitan ng kamay maging[1] sa ari man o sa anus, 6. ang pagkain ng karne ng kamelyo, 7. ang pagpapaligo ng patay,[2] at 8. ang pagtalikod sa Islām – kupkupin tayo ni Allāh laban doon.

Ang Ikalimang[3] Kundisyon: Ang pag-alis ng karumihan mula sa tatlo: mula sa katawan, mula sa damit, at mula sa puwesto. Ang patunay ay ang sabi Niya (napakataas Siya):

---

numero 25766; Abū Dāwud, nang may numero 179; At-Tirmidhīy, nang may numero 86; at iba pa sa kanila. Sumang-ayon sa katumpakan ng kawing ng pagpapaabot nito ang mga tagapagsiyasat ng Al-Musnad, 42/499. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwud,1/322.] Hinggil naman sa sabi ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): {o sumaling kayo ng mga babae} (Qur'ān 4:43), ang tinutukoy rito ay ang pakikipagtalik.

[1] Ang <<maging>> ay hindi nasa unang manuskrito.

[2] Ang tama ay na ang pagpapaligo ng patay ay hindi nakasisira sa wuḍū' malibang kapag nasaling ng kamay ng tagapagpaligo ang ari ng patay. Nagturing na matimbang iyon ang Shaykh nating si Ibnu Bāz sa Ash-Sharḥ Al-Mumtāz, pahina 70.

[3] Sa unang kopyang nakasulat-kamay lamang: <<Ang Ikalima>> nang walang pagbanggit ng Kundisyon.

﴿وَثِيَابَكَ فَطَهِّرْ﴾.

{Sa mga damit mo ay magdalisay ka.}[1]

Ang Ikaanim na Kundisyon: Ang pagtatakip ng kahubaran (`awrah). Nagkaisa ang hatol ng mga may kaalaman sa pagkasira ng dasal ng sinumang nagdasal nang hubad samantalang nakakakaya [na hindi maging hubad]. Ang hangganan ng kahubaran ng lalaki ay mula pusod hanggang sa tuhod. Ang babaing alipin ay gayon din. Ang babaing malaya naman sa kabuuan niya ay kahubaran maliban sa mukha niya. Ang patunay ay ang sabi Niya (napakataas Siya):

﴿يَا بَنِي آدَمَ خُذُوا زِينَتَكُمْ عِنْدَ كُلِّ مَسْجِدٍ﴾،

{O mga anak ni Adan, magsuot kayo ng gayak ninyo sa bawat masjid.}[2] Ibig sabihin: sa sandali ng bawat pagdarasal.

Ang Ikapitong Kundisyon: Ang pagpasok ng oras. Ang patunay mula sa Sunnah ay ang ḥadīth ni [Anghel] Gabriel (sumakanya ang pangangalaga) na siya ay namuno Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa dasal sa unang bahagi ng oras

---

[1] Qur'ān 74:4.
[2] Qur'ān 7:31.

at sa huling bahagi nito[1] saka nagsabi: **{O Muḥammad, ang pagdarasal ay sa pagitan ng dalawang oras na ito.}**[2]

---

[1] Sa unang kopyang nakasulat-kamay lamang: <<huling bahagi nito>> nang walang <<sa>>.

[2] Ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Namuno sa akin sa dasal si [Anghel] Gabriel (sumakanya ang pangangalaga) sa tabi ng Bahay [ni Allāh] nang dalawang ulit sapagkat nagdasal siya kasama ko sa tanghali nang lumihis ang araw [mula sa katanghaliang-tapat] habang ito ay naging kasukat ng sintas ng sandalyas, nagdasal siya kasama ko sa hapon nang ang anino niya ay naging kasinghaba niya, nagdasal siya kasama ko sa pagkalubog [ng araw] nang tumigil-ayuno ang nag-aayuno, nagdasal siya kasama ko sa gabi nang naglaho ang takipsilim, at nagdasal siya kasama ko sa madaling-araw nang naging bawal ang pagkain at ang pag-inom sa nag-aayuno; saka noong kinaumagahan, nagdasal siya kasama ko sa tanghali nang ang anino niya ay naging kasinghaba niya, nagdasal siya kasama ko sa hapon nang ang anino niya ay naging dalawang haba niya, nagdasal siya kasama ko sa pagkalubog [ng araw] nang tumigil-ayuno ang nag-aayuno, nagdasal siya kasama ko sa gabi hanggang sa ikatlong bahagi ng gabi, at nagdasal siya kasama ko sa madaling-araw saka nagliwanag na. Pagkatapos lumingon siya sa akin saka nagsabi: 'O Muḥammad, ito

ay ang oras ng mga propeta bago mo pa at ang oras [ng pagdarasal] ay sa pagitan ng dalawang oras na ito.'"} Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud sa [Kitāb] Aṣ-Ṣalāh, Bāb Farḍ Aṣ-Ṣalāh, nang may numero 393; si Imām At-Tirmidhīy sa Kitāb Aṣ-Ṣalāh, Bāb Mā Jā'a Fī Mawāqīt Aṣ-Ṣalāh, nang may numero 149; si Imām Ash-shāfi`īy sa Musnad niya, 1/26; si Imām Aḥmad, 5/202, nang may numero 3081; si Imām Ibnu Khuzaymah, 168/1, nang may numero 325; at Imām Al-Ḥākim, 1/193. Ang pananalita ay sa Abū Dāwud. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Imām Al-Ḥākim. Sumang-ayon sa kagandahan ng kawing ng pagpapaabot nito ang mga tagapagsiyasat ng Al-Musnad, 5/ 202. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Imām Ibnu `Abdulbarr sa At-Tamhīd at tumugon siya sa nagsalita kaugnay rito, 8/28. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, nang may numero 377. Napagtibay sa ḥadīth na isinalaysay ni Imām Muslim sa Kitāb Al-Masājid wa Mawāḍi` Aṣ-Ṣalāh, Bāb Awqāt Aṣ-Ṣalawāt Al-Khams, nang may numero 612, na ang oras ng dasal sa gabi ay hanggang sa hatinggabi sapagkat ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Propeta ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Kapag nagdasal kayo sa madaling-araw, tunay na ito ay [may] oras na hanggang sa bago sumikat ang unang bahagi ng araw; pagkatapos kapag nagdasal kayo sa tanghali, tunay na ito ay [may] oras na hanggang sa bago dumating ang hapon; saka kapag

Ang sabi Niya (napakataas Siya):[1] {Tunay na ang pagdarasal, laging para sa mga mananampalataya, ay isang atas na tinakdaan ng oras.}[2] Ibig sabihin: isinatungkulin sa mga oras. Ang patunay ng mga oras[3] ay ang sabi Niya (napakataas Siya):

﴿أَقِمِ الصَّلاَةَ لِدُلُوكِ الشَّمْسِ إِلى غَسَقِ اللَّيْلِ وَقُرْآنَ الفَجْرِ إِنَّ قُرْآنَ الفَجْرِ كَانَ مَشْهُودًا﴾.

{Magpanatili ka ng pagdarasal mula sa paglilis [sa rurok] ng araw hanggang sa pagdilim ng gabi at ng [pagbigkas ng] Qur'ān sa Fajr; tunay na ang

---

nagdasal kayo sa hapon, tunay na ito ay [may] oras na hanggang sa bago manilaw ang araw; saka kapag nagdasal kayo sa pagkalubog ng araw, tunay na ito ay [may] oras na hanggang sa bago bumagsak ang takipsilim; saka kapag nagdasal kayo sa gabi, tunay na ito ay [may] oras na hanggang sa bago ng hatinggabi."} Kaya ang oras ng dasal sa gabi ay hanggang sa bago ng hatinggabi. Ito ay ang matimbang na sinasaligan.

[1] Ang pagsisimula ng pagwawakas ng patlang mula sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay.

[2] Qur'ān 4:103.

[3] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<ng oras>>.

[pagbigkas ng] Qur'ān sa Fajr ay laging sinasaksihan [ng mga anghel].}[1]

Ang Ikawalong Kundisyon: Ang pagharap sa qiblah. Ang patunay ay ang sabi Niya (napakataas Siya):

﴿قَدْ نَرَى تَقَلُّبَ وَجْهِكَ فِي السَّمَاءِ فَلَنُوَلِّيَنَّكَ قِبْلَةً تَرْضَاهَا فَوَلِّ وَجْهَكَ شَطْرَ الْمَسْجِدِ الْحَرَامِ وَحَيْثُ مَا كُنتُمْ فَوَلُّواْ وُجُوهَكُمْ شَطْرَهُ﴾.

{Nakakikita nga Kami[2] sa pagtuon ng mukha mo sa langit, kaya magbabaling nga Kami sa iyo sa isang qiblah na kalulugdan mo iyon. Kaya magbaling ka ng mukha mo sa dako ng Masjid na

---

[1] Qur'ān 17:78.

[2] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<Kaya magbaling ka ng mukha mo sa dako ng Masjid na Pinakababanal>> lamang at inalis ang natitirang bahagi ng talata. Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay naman, pinaikli sa sabi Niya: {Nakakikita nga Kami sa pagtuon ng mukha mo sa langit, kaya magbabaling nga Kami sa iyo sa isang qiblah na kalulugdan mo iyon.}

Pinakababanal. Saan man kayo ay magbaling kayo ng mga mukha ninyo sa dako niyon.}[1]

Ang Ikasiyam na Kundisyon: Ang layunin. Ang kinalalagyan nito ay ang puso. Ang pagbigkas nito ay bid`ah. Ang patunay ay ang ḥadīth:[2] {Ang mga gawain ay ayon sa mga layunin lamang. Ukol sa bawat tao ang nilayon niya lamang.}[3]

Ang mga haligi ng ṣalāh ay labing-apat na haligi: 1. ang pagtayo sa abot ng kakayahan, 2. ang takbīr ng pagpapasimula, 3. ang pagbigkas ng Fātiḥah, 4. ang pagyukod, 5. ang pag-angat mula rito, 6. ang pagpapatirapa sa pitong bahagi ng katawan, 7. ang pagtindig mula rito, 8. ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa, 9. ang kapanatagan sa lahat ng mga haligi, 10.ang

---

[1] Qur'ān 2:144.

[2] Sa unang kopyang nakasulat-kamay ang <<ḥadīth ni `Umar, na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):>> Hinggil sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay, nagsabi ito: <<Ang patunay: {Ang mga gawain ay ayon sa mga layunin lamang.}>>.

[3] Al-Bukhārīy, nang may numero 1; at Muslim, nang may numero 1907. Nauna nang nabanggit ang pagdodokumento nito.

pagkakasunud-sunod,[1] 11. ang huling tashahhud, 12. ang pag-upo para rito, 13. ang [panalangin ng] basbas sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), at 14. ang dalawang taslīm.[2][3]

Ang Unang Haligi: Ang pagtayo sa abot ng kakayahan. Ang patunay ay ang sabi Niya (napakataas Siya):

﴿حَافِظُواْ عَلَى الصَّلَوَاتِ والصَّلاَةِ الْوُسْطَى وَقُومُواْ للهِ قَانِتِينَ﴾.

{Mangalaga kayo[4] sa mga dasal at [lalo na] sa dasal na pinakagitna. Tumayo kayo kay Allāh bilang mga masunurin.}[5]

---

[1] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay ay may pagdaragdag ng: <<at ang pagkatuluy-tuloy>>.

[2] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa>>.

[3] Sa unang kopyang nakasulat-kamay at ikalawang nakasulat-kamay: <<ang pagpapatirapa sa pito sa mga bahagi ng katawan>>.

[4] Sa unang kopyang nakasulat-kamay at ikalawang kopyang nakasulat-kamay: {Tumayo kayo kay Allāh bilang mga masunurin.} Inalis ang unang bahagi ng talata.

[5] Qur'ān 2:238.

Ang Ikalawa:[1] Ang takbīr ng pagpapasimula. Ang patunay ay ḥadīth:[2] **{...ang pagpapasimula nito ay ang pagsasagawa ng takbīr,[3] at ang pagpapawakas nito ay ang pagsasagawa ng taslīm.}**[4] Matapos nito ang pagbubukas [ng ṣalāh],

---

[1] Ang <<Ang Ikalawa>> ay hindi nasa ikalawang kopyang nakasulat-kamay.

[2] Sa kopya ng Pamantasan: <<ang ḥadīth>>. Binasa ito sa Shaykh bilang: ḥadīth. Sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay, at ang patunay mula sa ḥadīth ay ang sabi niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

[3] Ang <<ang pagpapawakas nito ay ang pagsasagawa ng taslīm>> ay hindi nasa unang kopyang nakasulat-kamay. Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<nagpapasimula nito ay ang pagsasagawa ng takbīr at nagpapawakas nito ang pagsasagawa ng taslīm>>.

[4] Nagtala nito si Imām Abū Dāwud, Kitāb Aṣ-Ṣalāh, Bāb Al-Imām Yaḥduthu Ba`damā Yarfa`u Ra'sahu Min Ākhiri Rak`ah, nang may numero 618, at ang pananalita nito: Ayon kay `Alīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang pambukas ng pagdarasal ay ang pagdadalisay, ang pagpapasimula nito ay ang pagsasagawa ng takbīr, at ang pagpapawakas nito ay ang pagsasagawa ng taslīm."}. [Nagtala rin nito] si Imām At-Tirmidhīy, Abwāb Aṭ-Ṭahārah `An Rasūl Allāh, Bāb Mā Jā'a Anna Miftāḥ Aṣ-Ṣalāh Aṭ-Ṭahūr, nang may numero 3, na nagsabi: "Ang ḥadīth na ito ay

na isang sunnah, ang pagsabi ng:[1] **"Subḥānaka –llāhumma wa-bi-ḥamdika wa-tabāraka –smuka wa-ta`ālā jadduka wa-lā 'ilāha ghayruk. (Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh, kalakip ng papuri sa Iyo; napakamapagpala ang ngalan Mo, napakataas ang kabunyian Mo, at walang**

---

pinakatumpak sa paksang ito". [Nagtala rin nito] sina Imām Ibnu Mājah, Kitāb Aṭ-Ṭahārah Wa Sunanihā, Bāb Miftāḥ Aṣ-Ṣalāh Aṭ-Ṭahūr, nang may numero 275; Imām Ash-Shāfi`īy sa Musnad nito, 34/1; Imām Ibnu Shaybah, 208/1, nang may numero 2378; Imām Aḥmad 2/292, nang may numero 1006; at Imām Ad-Dāraquṭnīy, 360/1. [Nagtala rin nito] si Imām Aḍ-Ḍiyā' Al-Maqdisīy sa Al-Mukhtārah 341/2, na nagsabi: "Ang kawing ng pagpapaabot nito ay maganda", ayon kay `Alīy (malugod si Allāh sa kanya). Sumang-ayon sa katumpakan nito dahil sa iba pa rito ang mga tagapagsiyasat ng Al-Musnad, 2/292. Nagsabi si Shaykh Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, 1/102, nang may numero 55: "Ang kawing ng pagpapaabot nito ay magandang tumpak." Sumang-ayon sa katumpakan nito sina Imām at Ibnu As-Sakn at gayon din si Al-Ḥāfiḍ. Sumang-ayon sa kagandahan nito si Imām An-Nawawīy at sumipi nito si Al-Maqdisīy sa Al-Aḥādīth Al-Mukhtārah.

[1] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay ay: <<ang pagsabi niya>>.

**Diyos na iba pa sa Iyo.)"**[1] Ang kahulugan ng "Subḥānaka –llāhumma (Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh)" ay nagpapawalang-kapintasan ako sa Iyo ayon sa pagpapawalang-kapintasang nababagay sa pagpipitagan sa Iyo.[2] Ang "wa-bi-ḥamdika (kalakip ng papuri sa Iyo)" ay nangangahulugang:

---

[1] Nagtala nito sina Imām Abū Dāwud, Kitāb Aṣ-Ṣalāh, Bāb Man Ra'ā Al-Istiftāḥ Bi Subḥānaka –llahumma bi-ḥamdik, nang may numero 775; Imām At-Tirmidhīy, Kitāb Aṣ-Ṣalāh, Bāb Mā Yaqūlu `Inda Iftitāḥ Aṣ-Ṣalāh, nang may numero 243; at Imām Ibnu Mājah, Kitāb Aṣ-Ṣalāh, Bāb Iftitāḥ Aṣ-Ṣalāh, nang may numero 806, ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya). Sumang-ayon sa katumpakan nito ang paham na si Al-Albānīy sa Ṣahīḥ Abī Dāwud, 3/361, nang may numero 748. Nagtala nito si Imām Muslim, Kitāb Aṣ-Ṣalāh, Bāb Ḥujjah Man Qāla Lā Yujharu Bi Al-Basmalah, nang may numero 399, bilang ḥadīth na mawqūf kay `Umar, na may pananalitang: {Ayon kay `Abdah, si `Umar bin Al-Khaṭṭāb noon ay nagtataas ng tinig sa pagbigkas ng mga pangungusap na ito, na nagsasabi: "Subḥānaka –llāhumma wa-bi-ḥamdika wa-tabāraka –smuka wa-ta`ālā jadduka wa-lā 'ilāha ghayruk. (Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh, kalakip ng papuri sa Iyo; napakamapagpala ang ngalan Mo, napakataas ang kabunyian Mo, at walang Diyos na iba pa sa Iyo.)"}

[2] Sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<sa pagpipitagan sa Iyo, o Allāh>>.

pagbubunyi sa Iyo. Ang "wa-tabāraka –smuka[1] (napakamapagpala ang ngalan Mo)" ay nangangahulugang: ang pagpapala ay natatamo sa pag-alaala sa Iyo. Ang "wa-ta`ālā jadduka (napakataas ang kabunyian Mo)" ay nangangahulugang: kapita-pitagan ang kadakilaan Mo.[2] Ang "wa-lā 'ilāha ghayruk (at walang Diyos na iba pa sa Iyo)" ay nangangahulugang: walang sinasamba sa lupa ni sa langit ayon sa karapatan[3] na iba sa Iyo, O Allāh.

"Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa demonyong isinumpa."[4] Ang kahulugan ng "nagpapakupkop ako" ay "nagpapakanlong ako", "dumudulog ako", at "nangungunyapit ako" sa Iyo,

---

[1] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<"wa-tabāraka –smuka wa-ta`ālā jadduka (napakamapagpala ang ngalan Mo, napakataas ang kabunyian Mo)," na nangangahulugang: angat ang kakayahan Mo at sukdulan ang pumapatungkol sa Iyo.>>

[2] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<"wa-ta`ālā jadduka (napakataas ang kabunyian Mo; angat ang kakayahan Mo.">>

[3] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<sa karapatan>> nang walang "ayon".

[4] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa demonyong isinumpa, na itinaboy, na pinalayo sa awa ni Allāh>>.

O Allāh, laban sa demonyong[1] isinumpa, na itinaboy, na pinalayo sa awa ni Allāh,[2] na hindi ito mamiminsala sa akin sa relihiyon ko ni sa mundo ko.[3]

Ang pagbigkas ng Fātiḥah ay isang haligi sa bawat rak`ah gaya ng nasa isang ḥadīth:[4] "Walang pagdarasal para sa sinumang hindi bumigkas ng Fātiḥah ng Aklat."[5] Ito ay ang Ina ng Qur'ān.

---

[1] Sa unang kopyang manuskrito: <<laban sa demonyong ito>>.

[2] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<pinalayo sa awa Mo>>.

[3] Ang mula sa sabi niya na: <<Ang kahulugan ng "nagpapakupkop ako" ay "nagpapakanlong ako"... hanggang sa sabi niya na: "sa mundo ko.">> ay hindi nasa ikalawang kopyang manuskrito.

[4] Sa unang kopyang nakasulat-kamay, ikalawang kopyang nakasulat-kamay, at inilimbag ng Pamantasan: <<gaya ng nasa ḥadīth>>.

[5] Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy, Kitāb Al-Adhān, Bāb Wujūb Al-Qirā'ah Li Al-Imām Wa Al-Ma'mūm, nang may numero 756; at Imām Muslim, Kitāb Aṣ-Ṣalāh, Bāb Wujūb Qirā'ah Al-Fātiḥah Fi Kulli Rak`ah, na kapag hindi humusay sa [pagbigkas ng] Fātiḥah ni nakaya ang matuto niyon ay bibigkas ng dumali para sa kanya mula sa iba pa rito, nang may numero 394.

{Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.}[1]: isang pagpapala at isang pagpapatulong.

{Ang papuri ay ukol kay Allāh}: Ang papuri ay pagbubunyi. Ang [paggamit ng] ANG ay para sa pagsaklaw sa lahat ng mga pagpupuri. Hinggil naman sa [gawain] marikit na walang ginawa para sa tao kaugnay rito tulad ng karikitan [ng gawain] at tulad nito, [ito ay] ang pagbubunyi sa kanya[2] na tinatawag na pagtatampok (madḥ) hindi papuri (ḥamd).

{Ang Panginoon ng mga nilalang): Ang Panginoon ay Siya[3] ang Sinasamba, ang Tagalikha, ang Tagapagtustos[4], ang Tagapagmay-ari, ang

---

[1] Sa kopya ng tagabasa at unang kopyang nakasulat-kamay: <<Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.>> Hinggil naman sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay, nasaad dito: <<Ang sabi Niya: "Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.">>

[2] Ang <<sa kanya>> ay hindi nasa ikalawang kopyang nakasulat-kamay.

[3] Ang <<Siya>> ay hindi nasa unang kopyang manuskrito.

[4] Ang <<ang Tagalikha, ang Tagapagtustos>> ay wala sa unang kopyang manuskrito ni sa ikalawa.

Tagapatnugot, ang Tagapag-alaga ng lahat ng nilikha sa pamamagitan ng mga biyaya.[1]

{Ang mga nilalang}: Bawat anumang iba kay Allāh ay nilalang. Siya ay ang Panginoon ng lahat.

{Ang Napakamaawain}: isang awang pangkalahatan [para] sa lahat[2] ng mga nilikha.

{ang Maawain}: isang awang natatangi sa mga mananampalataya. Ang patunay ay ang sabi Niya (napakataas Siya): {Laging Siya sa mga mananampalataya ay Maawain.}[3]

{ang Tagapagmay-ari ng Araw ng Pagtutumbas.}: Araw ng Pagganti at Pagtutuos, sa araw[4] na ang bawat isa ay gagantihan sa gawa niya, na kung naging kabutihan ay kabutihan [ang ganti] at kung naging kasamaan ay kasamaan [ang

---

[1] Sa unang kopyang manuskrito at ikalawa: <<ang Tagapag-alaga ng lahat ng mga nilalang sa pamamagitan ng mga biyaya>>.

[2] Sa limbag ng Pamantasan at sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<lahat ng mga nilikha>> at gayon din sa kopya ng tagabasa ng Shaykh. Hinggil naman sa unang kopyang manuskrito, nasaad dito: <<para sa lahat ng mga nilikha>>.

[3] Qur'ān 33:43.

[4] Ang <<sa araw>> ay hindi nasa unang kopyang manuskrito.

ganti]. Ang patunay ay ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

﴿وَمَا أَدْرَاكَ مَا يَوْمُ الدِّينِ * ثُمَّ مَا أَدْرَاكَ مَا يَوْمُ الدِّينِ * يَوْمَ لَا تَمْلِكُ نَفْسٌ لِنَفْسٍ شَيْئًا وَالْأَمْرُ يَوْمَئِذٍ لِلَّهِ﴾،

{Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Araw ng Pagtutumbas?

Pagkatapos ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Araw ng Pagtutumbas?[1]

[Iyon ay] sa Araw na hindi makapagdudulot ang isang kaluluwa sa isang kaluluwa ng anuman at ang pag-uutos sa Araw na iyon ay ukol kay Allāh.}[2] at ang ḥadīth ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang matalino ay ang sinumang sumusupil sa sarili niya at**

---

[1] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay ay hindi nakumpleto ang [pagkakasulat ng] talata; bagkus nagsabi siya: <<ang talata>>.

[2] Qur'ān 82:17-19.

**gumagawa para sa matapos ng kamatayan[1] at ang nawawalang-kakayahan ay ang sinumang nagpasunod sa sarili niya sa pithaya nito at nagmimithi kay Allāh ng mga mithiin."[2]**

Ang {Sa Iyo [lamang] kami sumasamba} ay nangangahulugang: hindi kami sumasamba sa iba pa sa Iyo, na isang kasunduan sa pagitan ng tao at

---

[1] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay ay hindi nakumpleto ang [pagkakasulat ng] ḥadīth; bagkus nagsabi siya: <<hanggang sa katapusan nito>>.

[2] At-Tirmidhīy, Kitāb Ṣifah Al-Qiyāmah Wa Ar-Raqā'iq, Bāb 25, nang may numero 2459; Ibnu Mājah, Kitāb Az-Zuhd, Bāb Dhikr Al-Mawt Wa Al-Isti`dād Lahu, nang may numero 4260; Aḥmad sa Al-Musnad, 28/350, nang may numero 17123; at Al-Ḥākim, 1/57, na sumang-ayon sa katumpakan nito, ayon kay Shaddād bin Aws (malugod si Allāh sa kanya). Sumang-ayon sa kagandahan nito si At-Tirmidhīy. Gumamit nito bilang saksi si Shaykh Al-Islām Ibnu Taymiyah at nakisang-ayon siya sa pagsang-ayon ni At-Tirmidhīy sa kagandahan nito nang nagsabi siya sa Majmū` Al-Fatāwā, 8/285: "Nagsalaysay nito sina Ibnu Mājah at At-Tirmidhīy, na nagsabing ḥadīth na maganda [ito]."

ng Panginoon niya na hindi ito sumamba maliban sa Kanya.[1]

Ang {at sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong} ay isang kasunduan sa pagitan ng tao at ng[2] Panginoon niya, na hindi ito magpatulong sa isa na iba pa kay Allāh.

Sa {Magpatnubay Ka sa amin sa landasing tuwid}, ang kahulugan ng {Magpatnubay Ka sa amin} ay magturo Ka sa amin, gumabay Ka sa amin, at magpatatag Ka sa amin;[3] {ang landasin} ay ang Islām at sinabing ang Sugo[4] at sinabing ang

---

[1] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<na hindi ito sumamba sa isa na iba sa Kanya>> at sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<na hindi ito magpapatulong sa isa na iba pa sa Kanya>>.

[2] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<isang kasunduan sa pagitan ng tao at Panginoon niya>> at sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<isang kasunduan sa pagitan ng tao at ni Allāh na hindi ito magpatulong sa isa na iba pa sa Kanya>>.

[3] Ang <<Magpatnubay Ka sa amin ay magturo Ka sa amin, gumabay Ka sa amin, at magpatatag Ka sa amin>> ay hindi nasa ikalawang kopyang nakasulat-kamay.

[4] Sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<ang landasin ay sinabing ang Sugo, sinabing ang Islām, at sinabing ang Qur'ān>>.

Qur'ān, na lahat ay totoo; at ang {tuwid} ay ang walang kabaluktutan doon.

Ang {ang landasin ng mga biniyayaan Mo} ay ang daan ng mga biniyayaan, at ang patunay[1] ay ang sabi Niya (napakataas Siya):

﴿وَمَن يُطِعِ الله وَالرَّسُولَ فَأُوْلَئِكَ مَعَ الَّذِينَ أَنْعَمَ الله عَلَيْهِم مِّنَ النَّبِيِّينَ وَالصِّدِّيقِينَ وَالشُّهَدَاء وَالصَّالِحِينَ وَحَسُنَ أُولَئِكَ رَفِيقًا﴾.

{Ang sinumang tumatalima kay Allāh at sa Sugo, ang mga iyon ay kasama ng mga biniyayaan ni Allāh kabilang sa mga propeta, mga matapat, mga martir, at mga maayos. Kay ganda ang mga iyon bilang kasama!}[2]

Ang {hindi ng mga kinagalitan}, sila ay ang mga Hudyo; may taglay silang kaalaman at hindi sila gumagawa[3] ayon doon. Humihiling ka kay Allāh na magpaiwas Siya sa iyo sa daan nila.

---

[1] Mula sa sabi niya: <<at ang patunay…hanggang sa sabi Niya: {hindi ng mga kinagalitan}>> ang "at" ay hindi nasa ikalawang kopyang nakasulat-kamay.

[2] Qur'ān 4:69.

[3] Sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<ni gumawa sila ayon doon>>.

Ang {at hindi ng mga naliligaw}, sila ay ang mga Kristiyano. Sumasamba sila kay Allāh[1] ayon sa pagkamangmang at pagkaligaw. Humihiling ka kay Allāh na magpaiwas Siya sa iyo sa daan nila. Ang patunay ng "mga naliligaw" ay ang sabi Niya (napakataas Siya): {Sabihin mo: "Magbabalita kaya kami sa inyo hinggil sa mga pinakalugi sa mga gawain,

الَّذِينَ ضَلَّ سَعْيُهُمْ فِي الْحَيَاةِ الدُّنْيَا وَهُمْ يَحْسَبُونَ أَنَّهُمْ يُحْسِنُونَ صُنْعًا﴾،

na mga nawala ang pinagsumikapan nila sa buhay[2] na pangmundo habang sila ay nag-aakala na sila ay nagpapaganda sa paggawa?}[3][4] Ang

---

[1] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay, nawala ang kataga ng pagkapinagpipitaganan na <<Allāh>>.

[2] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay ay pinaikli sapagkat nagsabi siya: <<na mga nawala ang pinagsumikapan nila sa buhay na pangmundo>> (talata) hanggang sa sabi Niya: <<saka hindi Kami mag-uukol para sa kanila sa Araw ng Pagbangon ng isang timbang>>.

[3] Qur'ān 18:103-104

[4] Sa limbag ng Pamantasan at ikalawang kopya ay may pagdaragdag ng: {Ang mga iyon ay ang mga tumangging sumampalataya sa mga tanda ng

ḥadīth[1] ayon sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{"Talagang susunod nga kayo sa mga kalakaran ng mga bago ninyo tulad ng balahibo ng palaso sa balahibo ng palaso hanggang sa kung sakaling pumasok sila sa lungga ng ibid ay talagang papasok nga kayo." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, ang mga Hudyo ba at ang mga Kristiyano [sila]? Nagsabi siya: "Kaya sino pa?"}**[2]

---

Panginoon nila at pakikipagkita sa Kanya kaya nawalang-kabuluhan ang mga gawain nila saka hindi Kami mag-uukol para sa kanila sa Araw ng Pagbangon ng isang timbang.} (Qur'ān 18:105) [Gayon din] ang napagtibay mula sa pagbasa ng tagabasa sa Kanyang Kabunyian, ang Shaykh.

[1] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<at sa ḥadīth ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay nagsabi>>. Hinggil sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay naman, nasaad dito: <<at sa ḥadīth ayon sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)>>.

[2] [Nagtala nito] sina Imām Al-Bukhārīy, Kitāb Al-I`tiṣām, Bāb Qawl An-Nabīy (basbasan siya ni Allāh at

at ang ikalawang ḥadīth:[1] **{"Nagkahati-hati ang mga Hudyo sa pitumpu't isang pangkatin. Nagkahati-hati ang mga Kristiyano sa pitumpu't dalawang pangkatin. Magkakahati-hati ang Kalipunang ito sa pitumpu't tatlong pangkatin, na ang kabuuan ng mga ito ay [mapupunta] sa Apoy maliban sa iisa." Nagsabi**

---

pangalagaan): "Talagang susunod nga kayo sa kalakaran ng mga bago ninyo noon", nang may numero 7320; at Imām Muslim, Kitāb Al-`Ilm, Bāb Ittibā` Sunan Al-Yahūd Wa An-Naṣarā, nang may numero 2669, at ang pananalita nito: {Ayon kay Abū Sa`īd Al-khudrīy, ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Talagang susunod nga kayo sa kalakaran ng mga bago ninyo noon nang dangkal sa dangkal at nang siko sa siko hanggang sa kung sakaling pumasok sila sa isang lungga ng ibid ay susunod kayo sa kanila." Nagsabi kami: "O Sugo ni Allāh, ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano [sila]?" Nagsabi siya: "Kaya sino pa?"} [Nagtala rin nito] si Imām Aḥmad, 18/322, nang may numero 11800. Sumang-ayon sa katumpakan ng kawing ng pagpapaabot nito ang mga tagapagsiyasat ng Al-Musnad, 18/322 at si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ sa Silsilah Al-Aḥādīth Aṣ-Ṣaḥīḥah, 6/999.

[1] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<ang ikalawang ḥadīth>> nang walang "at".

**kami: "Sino ang mga ito,O[1] Sugo ni Allāh?" Nagsabi siya: "Ang sinumang naging batay sa tulad sa anumang ako ay batay roon[2] at ang mga Kasamahan ko."}[3]**

---

[1] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<Nagsabi kami: "O Sugo ni Allāh, sino ang mga ito?>> dito ay may pagpapauna at pagpapahuli.

[2] Sa unang manuskritong nakasulat-kamay: <<Ang sinumang tulad sa anumang ako ay batay roon sa araw na ito at ang mga Kasamahan ko>>. Sa ikalawang manuskritong nakasulat-kamay: <<Ang sinumang naging batay sa tulad sa anumang ako ay batay roon at ang mga Kasamahan ko sa araw na ito>>.

[3] Nagsalaysay nito si Imām Ibnu Mājah, Kitāb Al-Fitan, Bāb Iftirāq Al-Umam, nang may numero 3992, at ang pananalita nito: {Ayon kay `Awf bin Mālik na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Nagkahati-hati ang mga Hudyo sa pitumpu't isang pangkatin, saka may iisang [pangkating pupunta] sa Paraiso at ang pitumpu [na pangkatin ay pupunta] sa Apoy. Nagkahati-hati ang mga Kristiyano sa pitumpu't dalawang pangkatin, saka ang pitumpu't isang pangkatin [ay pupunta] sa Apoy at may isang [pangkating pupunta] sa Paraiso. Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ni Muḥammad ay nasa kamay Niya, talagang magkakahati-hati nga ang Kalipunan ko sa pitumpu't tatlong pangkatin, na may iisang [pangkating pupunta] sa Paraiso at ang pitumpu't dalawa [na pangkatin ay pupunta] sa Apoy." Sinabi:

"Sino sila, O Sugo ni Allāh?" Nagsabi siya: "Ang Jamā`ah."} Mayroon itong isang tagasaksi sa ganang kay Imām At-Tirmidhīy, Kitāb Al-Īmān, Bāb Mā Jā'a Fī Iftirāq Hādhih Al-Ummah, nang may numero 2641, at ang pananalita nito: {Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Talagang darating nga sa Kalipunan ko ang dumating sa mga anak ni Israel kahawig ng [kapares na] sandalyas sa [kapares na] sandalyas hanggang sa kung naging mayroon sa kanila na nakipagtalik sa ina niya nang hayagan, talagang sa Kalipunan ko ay may magiging gagawa niyon. Tunay na ang mga anak ni Israel ay nagpakahati-hati sa pitumpu't dalawang kapaniwalaan. Magkakahati-hati naman ang Kalipunan ko sa pitumpu't tatlong kapaniwalaan. Lahat sila ay [pupunta] sa Impiyerno maliban sa iisang kapaniwalaan." Nagsabi sila: "Sino ito, O Sugo ni Allāh?" Nagsabi siya: "Ang [kapaniwalaang] ako ay batay roon at ang mga Kasamahan ko."} May ikalawang tagasaksi sa ganang kay Imām Abū Dāwud mula sa ḥadīth ni Abū Hurayrah, nang may numero 4596, at ang pananalita nito: {"Nagkahati-hati ang mga Hudyo sa pitumpu't isa o dalawang pangkatin. Nagpakahati-hati ang mga Kristiyano sa pitumpu't isa o dalawang pangkatin. Magkakahati-hati naman ang Kalipunan ko sa pitumpu't tatlong pangkatin."} Ito ay sa ganang sa Imām At-Tirmidhīy, nang may numero 2640 at sa ganang kay Imām Ibnu Mājah, nang may

4. ang pagyukod, 5. ang pag-angat mula rito, 6. ang pagpapatirapa sa pitong bahagi ng katawan, 7. ang pagtindig mula rito, 8. ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa. Ang patunay ay ang sabi Niya (napakataas Siya):

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا ارْكَعُوا وَاسْجُدُوا﴾،

{O mga sumampalataya, yumukod kayo, magpatirapa kayo,...}[1][2] at ang ḥadīth ayon sa kanya[3] (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Inutusan ako na magpatirapa sa pitong**

---

numero 3991. Sumang-ayon sa kagandahan nito si Al-Albānīy sa Mishkāh Al-Maṣābīḥ, nang may numero 171 (Ang Ikalawang Pagsisiyasat); sa As-Silsilah Aṣ-Ṣaḥīḥah, nang may numero 1348; at sa Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, nang may numero 3982.

[1] Qur'ān 22:77.

[2] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay ay may pagdaragdag ng: <<sumamba kayo sa Panginoon ninyo at gumawa kayo ng kabutihan nang sa gayon kayo ay magtatagumpay>>.

[3] Sa una at ikalawang kopyang manuskrito: <<at sa ḥadīth ayon sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):>>.

**buto..."**[1][2] 9. ang kapanatagan[3] sa lahat ng mga gawain,[4] 10.ang pagkakasunud-sunod sa pagitan ng mga haligi. Ang patunay ay ang ḥadīth tungkol sa gumagawa ng masagwa, ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi:

---

[1] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<sa pito sa mga buto>>.

[2] [Nagsalaysay nito] sina Imām Al-Bukhārīy, Kitāb Al-Adhān, Bāb As-Sujūd `Alā Sab`ah A`ḍum, nang may numero 810; at Imām Muslim, Kitāb Aṣ-Ṣalāh, Bāb A`ḍā' As-Sujūd Wa An-Nahy `An Kaff Ash-sha`r Wa Ath-Thawb Wa `Aqs Ar-Ra's Fī Aṣ-Ṣalāh, nang may numero 490, at ang pananalita nito: {Ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanya), ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Inutusan kami na magpatirapa kami sa pitong buto at hindi kami magbungkos ng damit ni ng buhok."}

[3] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<at ang pagkakasunud-sunod ay [sa] bawat haligi bago ng huli at ang kapanatagan ay sa lahat ng mga haligi>>. Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<at ang pagkakasunud-sunod sa pagitan ng lahat ng mga haligi ay [sa] bawat haligi bago ng huli at ang kapanatagan ay sa lahat ng mga haligi>>.

[4] Sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<at ang kapanatagan ay sa lahat ng mga haligi>>.

{Samantalang kami ay nakaupo sa tabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) biglang may pumasok na isang lalaki[1] saka nagdasal ito, [saka tumayo ito][2], saka bumati ito sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi naman siya:[3] **"Bumalik ka saka magdasal ka sapagkat tunay na ikaw ay hindi nagdasal."** Ginawa nito iyon nang tatlong ulit,

---

[1] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<biglang may pumasok sa amin na isang lalaki>>.

[2] Sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay at limbag ng Pamantasan ay may pagdaragdag ng: <<saka tumayo ito>> at ito ay wala sa kopya ng tagabasa.

[3] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<saka nagsabi naman dito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Magdasal ka sapagkat tunay na ikaw ay hindi nagdasal.">>. Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<saka nagsabi naman dito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Bumalik ka, saka nagdasal ka sapagkat tunay na ikaw ay hindi nagdasal.">>.

pagkatapos[1] nagsabi ito: "Sumpa man sa Kanya na nagpadala sa iyo kalakip ng katotohanan bilang propeta, hindi ako nakagagawa ng magandang iba pa[2] rito kaya magturo ka sa akin." Kaya naman nagsabi rito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):[3] **"Kapag tumayo ka patungo sa ṣalāh ay dumakila ka [kay Allāh], pagkatapos bumigkas ka ng naging madali sa iyo mula sa Qur'ān, pagkatapos yumukod ka hanggang sa mapanatag ka na nakayukod, pagkatapos**

---

[1] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<saka nagsabi ito: "Sumpa man sa Kanya na nagpadala sa iyo kalakip ng katotohanan,>>.

[2] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<...hindi ako nakagagawa ng magandang iba pa riyan>>.

[3] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<Nagsabi siya: "Kapag tumayo ka patungo sa ṣalāh>>. Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapag tumayo ka patungo sa ṣalāh...>>.

**umangat ka hanggang sa tumuwid[1] ka na nakatayo, pagkatapos magpatirapa ka hanggang sa mapanatag ka na nakapatirapa, pagkatapos umangat ka hanggang sa mapanatag ka na nakaupo, pagkatapos gawin mo iyon sa pagdarasal mo sa kabuuan nito."}**[2]

Ang huling tashahhud ay isang haliging isinatungkulin,[3] gaya ng nasaad sa ḥadīth ayon kay Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Kami noon ay nagsasabi bago maisatungkulin sa amin ang tashahhud: "Assalāmu `ala –llāhi min `ibādih, assalāmu `alā

---

[1] Sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<pumanatag ka na nakatayo>>.

[2] [Nagsalaysay nito] sina Imām Al-Bukhārīy, nang may numero 6251, ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya); at Imām Muslim, nang may numero 397. Nauna nang nabanggit ang pagdodokumento nito.

[3] Ang <<isinatungkulin>> ay hindi nasa unang kopyang nakasulat-kamay ni nasa ikalawa.

jibrīla wa-mīkā’īl (Ang Salām ay sa kay Allāh mula sa mga lingkod Niya; ang Salām ay sa kina [Anghel] Gabriel at [Anghel] Miguel). Nagsabi[1] ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Huwag kayong magsabi ng: Assalāmu `ala –llāhi min[2] `ibādih (Ang Salām ay sa kay Allāh mula sa mga lingkod Niya) sapagkat tunay na si Allāh ay ang Salām,[3] subalit magsabi kayo: "Attaḥīyātu lillāhi[4] wa-ṣṣalawātu wa-ṭṭayyibāt, assalāmu**

[1] Sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):>>.
[2] Sa inilimbag ng Pamantasan: <<`an 'ibādih (buhat sa mga lingkod Niya)>>. Marahil ito ay isang kamaliang panlimbag.
[3] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<"Huwag kayong magsabi ng: Assalāmu `ala –llāhi min `ibādih (Ang Salām ay sa kay Allāh mula sa mga lingkod Niya), subalit magsabi kayo: "Attaḥīyātu lillāhi… (Ang mga pagbati ay ukol kay Allāh,…)>>.
[4] Sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay, inalis mula sa sabi niya ang: <<wa-ṣṣalawātu wa-ṭṭayyibāt,…(hanggang sa sabi niyang:) wa-'anna

**`alayka ayyuha –nnabīyu wa-raḥmatu –llāhi wa-barakātuh, assalāmu `alaynā wa-`alā `ibādi –llāhi –ṣṣālihīn, 'ashhadu 'an lā 'ilāha 'illa –llāh, wa-'ashhadu 'anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh.**[1] **(Ang mga pagbati ay ukol kay Allāh,**

---

muḥammadan `abduhu wa-rasūluh. (at ang mga kaaya-aya...at na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)>>.

[1] Nagtala nito si Imām Al-Bukhārīy, Kitāb Al-Adhān, Bāb Mā Yutakhayyaru Min Ad-Du`ā' Ba`da At-Tashahhud Wa Laysa Bi Wājib, nang may numero 835, at ang pananalita nito ay ayon `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Kami noon, kapag kami noon ay kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagdarasal, ay nagsasabi ng: "Assalāmu `ala –llāhi min `ibādih, assalāmu `alā fulānin wa-fulān (Ang Salām ay sa kay Allāh mula sa mga lingkod Niya at ang Salām ay sa kay polano at kay polano)." Kaya naman nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Huwag kayong magsabi ng: Assalāmu `ala –llāhi (Ang Salām ay sa kay Allāh) sapagkat tunay na si Allāh ay ang Salām, subalit magsabi kayo: Attaḥīyātu lillāhi wa-ṣṣalawātu wa-ṭṭayyibāt, assalāmu `alayka ayyuha –nnabīyu wa-raḥmatu –llāhi wa-barakātuh, assalāmu `alaynā wa-`alā `ibādi –llāhi –ṣṣālihīn (Ang mga

pagbati ay ukol kay Allāh, ang mga dasal, at ang mga gawang kaaya-aya. Ang pangangalaga ay sumaiyo, O Propeta, ang awa ni Allāh, at ang mga pagpapala Niya. Ang pangangalaga ay matamo natin at matamo ng mga maayos na lingkod ni Allāh.) – sapagkat tunay na kayo, kapag nagsabi [nito], ay sasakop ito sa bawat lingkod sa langit o sa pagitan ng langit at lupa) – 'ashhadu 'an lā 'ilāha 'illa –llāh, wa-'ashhadu 'anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh. (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.). Pagkatapos makapipili siya ng anumang panalangin na nagpahanga sa kanya saka mananalangin siya."} [Nagtala] si Imām Muslim, Kitāb Aṣ-Ṣalāh, Bāb At-Tashahhud Fī Aṣ-Ṣalāh, nang may numero 402, at ang pananalita nito: {Ayon kay `Abdullāh na nagsabi: Kami noon ay nagsasabi sa ṣalāh sa likuran ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): Assalāmu `ala –llāh, assalāmu `alā fulān (Ang Salām ay sa kay Allāh, ang Salām ay sa kay polano), kaya nagsabi sa amin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) isang araw: "Tunay na si Allāh ay ang Salām. Kaya kapag naupo ang isa sa inyo sa ṣalāh ay magsabi siya ng: Attaḥīyātu lillāhi wa-ṣṣalawātu wa-ṭṭayyibāt, assalāmu `alayka ayyuha –nnabīyu wa-raḥmatu –llāhi wa-barakātuh, assalāmu `alaynā wa-`alā `ibādi –llāhi –ṣṣālihīn (Ang mga pagbati ay ukol kay Allāh, ang mga dasal, at ang mga kaaya-aya. Ang pangangalaga ay sumaiyo, O Propeta, ang awa ni Allāh, at ang mga pagpapala Niya. Ang

**ang mga dasal, at ang mga gawan kaaya-aya. Ang pangangalaga ay sumaiyo, O Propeta, ang awa ni Allāh, at ang mga pagpapala Niya. Ang pangangalaga ay matamo natin at matamo ng mga maayos na lingkod ni Allāh. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)"}** Ang kahulugan ng "Attaḥīyātu... (Ang mga pagbati...)" ay ang lahat ng mga pagdakila ay ukol kay Allāh,[1] sa paghahari at pagkakarapat-dapat – tulad ng pagyuko,

---

pangangalaga ay matamo natin at matamo ng mga maayos na lingkod ni Allāh.) – (sapagkat kapag nagsabi siya nito ay sasakop ito sa bawat maayos na lingkod para kay Allāh sa langit at lupa) – 'ashhadu 'an lā 'ilāha 'illa – llāh, wa-'ashhadu 'anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh. (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.). Pagkatapos makapipili siya ng anumang kahilingan na niloob niya."}

[1] Ang <<ukol kay Allāh>> ay hindi nasa unang kopyang nakasulat-kamay ni nasa ikalawa.

pagyukod,[1] at pagpapatirapa – [ang lahat ng] pananatili at pamamalagi; at ang lahat[2] ng ipinandadakila sa Panginoon ng mga nilalang sapagkat ito ay ukol kay Allāh. Kaya ang sinumang nagbaling mula rito ng anuman sa iba pa kay Allāh, siya ay isang tagapagtambal na tagatangging sumampalataya.[3] Ang "wa-ṣṣalawātu... (ang mga dasal)" ay nangangahulugang: ang lahat ng mga panalangin. Sinabi [ring ito ay] ang limang pagdarasal. Ang "wa-ṭṭayyibātu lillāhi[4] (at ang mga gawang kaaya-aya ay ukol kay Allāh)" ay [nangangahulugang:] si Allāh ay kaaya-aya at

---

[1] Sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<pagpapasailalim, pagyukod, at pagpapatirapa;>>.

[2] Sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<ang bawat lahat ng ipinandadakila sa Panginoon ng mga nilalang>>.

[3] Ang <<tagatangging sumampalataya>> ay hindi nasa unang kopyang nakasulat-kamay ni nasa ikalawa.

[4] Ang <<ukol kay Allāh>> ay hindi nasa unang kopyang nakasulat-kamay ni nasa ikalawa.

hindi tumatanggap mula sa mga sinasabi at mga ginagawa maliban sa kaaya-aya sa mga ito.[1] [Sa] "assalāmu `alayka ayyuha –nnabīyu wa-raḥmatu –llāhi wa-barakātuh (ang pangangalaga ay sumaiyo, O Propeta, ang awa ni Allāh, at ang mga pagpapala Niya.)" ay dumadalangin ka para sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng kaligtasan, awa,[2] at pagpapala.[3] Ang idinadalangin para sa kanya ay hindi idinadalangin sa kasama kay Allāh. [Sa]

---

[1] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<mula sa mga ginagawa at mga sinasabi maliban sa pinakakaaya-aya sa mga ito>> at sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<mula sa mga ginagawa, mga sinasabi, at mga ikinikilos maliban sa kaaya-aya sa mga ito.>>.

[2] Ang salitang <<raḥmah (awa)>> ay hindi nasa unang kopyang nakasulat-kamay.

[3] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<at pag-aangat ng mga antas>> at sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<at pag-aangat ng antas>> bilang karagdagan sa pagpapala.

"assalāmu[1] `alaynā wa-`alā `ibādi –llāhi –ṣṣālihīn (Ang pangangalaga ay matamo natin at matamo ng mga maayos na lingkod ni Allāh)" ay bumabati ka sa sarili mo at sa bawat maayos na lingkod sa[2] langit at lupa. Ang salām ay isang panalangin. Ang mga maayos ay idinadalangin ngunit hindi dinadalanginan kasama kay Allāh. [Sa] "'ashhadu 'an lā 'ilāha 'illa –llāhu waḥdahu[3] lā sharīka lah[4] (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh –

---

[1] Sa kopya ng Pamantasan: <<wa-ssalāmu `alaynā (at ang pangangalaga ay matamo natin)>> nang may pagdaragdag ng wa (at).

[2] Sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<mula sa mga naninirahan sa langit at lupa>>.

[3] Ang <<waḥdahu lā sharīka lah (tanging Siya: walang katambal para sa Kanya)>> ay hindi nasa unang kopyang nakasulat-kamay ni nasa ikalawa.

[4] Sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay at edisyon ng Pamantasan ay may pagdaragdag ng: <<wa-'ashhadu 'anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh (at sumasaksi ako na si Muḥammadan ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)>>.

tanging Siya: walang katambal para sa Kanya)" ay sumasaksi ka ng pagsaksi ng katiyakan na walang sinasamba sa lupa[1] ni sa langit ayon sa karapatan kundi si Allāh. Ang pagsaksi na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh ay na siya[2] ay isang lingkod na hindi sinasamba at isang sugong hindi pinasisinungalingan, bagkus tinatalima at sinusunod. Nagparangal sa kanya si Allāh ng pagkamananamba. Ang patunay ay ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

﴿تَبَارَكَ الَّذِي نَزَّلَ الْفُرْقَانَ عَلَىٰ عَبْدِهِ لِيَكُونَ لِلْعَالَمِينَ نَذِيرًا﴾،

---

[1] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<na walang sambahin sa langit ni sa lupa>> at sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<na walang sambahin sa langit at lupa>>.

[2] Sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<Ang pagsaksi na si Muḥammad ay Lingkod Niya at ang Sugo Niya ay isang lingkod na hindi sinasamba>>.

{Napakamapagpala ang nagbaba ng pamantayan sa Lingkod Niya[1] upang ito para sa mga nilalang ay maging isang mapagbabala,}[2] "Allāhumma ṣalli `alā muḥammad, [wa-`alā 'āli muḥammad,][3] kamā ṣallayta `alā 'ibrāhīma [wa-

---

[1] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay hindi siya kumumpleto ng talata; bagkus nagsabi siya: <<{Napakamapagpala ang nagbaba ng pamantayan sa Lingkod Niya}>>. Ito ang talata.

[2] Qur'ān 25:1.

[3] Ang <<wa-`alā'āli muḥammad (at ang mag-anak ni Muḥammad)>> ay hindi nasa kopya ng tagabasa. Ito ay nasa limbag ng Pamantasan at nasa una at ikalawang manuskrito.

`alā 'āli 'ibrāhīm,][1] 'innaka ḥamīdum majīd.[2] (O Allāh, basbasan Mo si Muḥammad [at ang mag-

---

[1] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<kamā ṣallayta `alā āli 'ibrāhīma (gaya ng pagbasbas Mo sa mag-anak ni Abraham)>>. Hinggil naman sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay naman, nasaad dito: <<kamā ṣallayta `alā 'ibrāhīma wa-`alā 'āli 'ibrāhīm (gaya ng pagbasbas Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham)>>. Sa inilimbag ng Pamantasan at sa kopya ng tagabasa: <<kamā ṣallayta `alā 'ibrāhīma (gaya ng pagbasbas Mo kay Abraham)>>.

[2] [Nagsalaysay] sina Imām Al-Bukhārīy, Kitāb Aḥādhīth Al-Anbiyā', Bāb 10, nang may numero 3370; at Imām Muslim, Kitāb Aṣ-Ṣalāh, Bāb Aṣ-Ṣalāh `Alā An-Nabīy (Ṣalla –llāhu `alayhi wa-sallam) Ba`da At-Tashahhud, nang may numero 406, at ang pananalita nito: {Ayon kay Ka`b bin `Ujrah (malugod si Allāh sa kanya): Nagtanong kami sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat nagsabi kami: "O Sugo ni Allāh, papaano ang pagbasbas sa inyo na mag-anak ng bahay [mo] sapagkat tunay na si Allāh ay nagturo na sa amin kung papaano kaming babati sa inyo?" Nagsabi siya: "Magsabi kayo ng: Allāhumma ṣalli `alā muḥammadin wa-`alā 'āli muḥammad, kamā ṣallayta `alā 'ibrāhīma wa-`alā 'āli 'ibrāhīm, 'innaka ḥamīdum majīd. Allāhumma bārik `alā muḥammadin wa-`alā 'āli muḥammad, kamā bārakta `alā 'ibrāhīm wa-`alā 'āli 'ibrāhīm, 'innaka ḥamīdum majīd. (O

anak ni Muḥammad] gaya ng pagbasbas Mo kay Abraham [at sa mag-anak ni Abraham]; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal.)" Ang ṣalāh mula kay Allāh ay ang pagbubunyi Niya[1] sa lingkod Niya sa Pinakamataas ng Konseho, gaya ng ikinuwento ni Imām Al-Bukhārīy (kaawaan siya ni Allāh) sa Ṣaḥīḥ niya ayon kay Abū Al-`Āliyah na nagsabi: "Ang ṣalāh ni Allāh ay ang pagbubunyi Niya sa

---

Allāh, basbasan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbasbas Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal. O Allāh, pagpalain Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagpapala Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal.)"}

[1] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<isang pagbubunyi sa lingkod Niya sa Pinakamataas ng Konseho>>. Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay at sa inilimbag ng Pamantasan: <<ang pagbubunyi Niya sa lingkod Niya>>.

lingkod Niya sa Pinakamataas na Konseho.[1][2] Sinabi [rin na ito ay] ang awa. Ang tama ay ang una. [Ang ṣalāh] mula sa mga anghel ay ang paghingi ng tawad at mula sa mga tao ay ang panalangin. [Ang pagsabi ng] bārik…(basbasan Mo...) at ng anumang matapos nito[3] ay mga sunnah ng mga sinasabi at mga ginagawa."

Ang mga kinakailangan (wājib) ay walo: 1. ang lahat na mga takbīr (pagsabi ng: Allāhu 'akbar) na iba pa sa takbīr ng pagpapasimula, 2. ang pagsabi

---

[1] Sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<ayon kay Abul`āliyah: ang pagbubunyi ni Allāh sa lingkod Niya sa Pinakamataas na Konseho.>>.

[2] Nagsalaysay si Imām Al-Bukhārīy, Kitāb At-Tafsīr, Bāb Qawluhu Ta`ālā (Qur'ān 33:56): {Tunay na si Allāh at ang mga anghel Niya ay nagbabasbas sa Propeta. O mga sumampalataya, dumalangin kayo ng pagbasbas sa kanya at bumati kayo sa kanya ng pagbati ng kapayapaan.}, bago ng numero 4797, at ang pananalita niya: "Nagsabi si Abul`āliyah: Ang basbas ni Allāh ay ang pagbubunyi Niya sa piling ng mga anghel at ang basbas ng mga anghel ay ang pagdalangin."

[3] Sa unang kopyang nakasulat-kamay: <<at anumang matapos nito na panalangin>>.

ng: "Subḥāna rabbiya –l`aḏīm" sa pagyukod, 3. ang pagsabi ng: "Sami`a –llāhu liman ḥamidah" para sa imām at munfarid, 4. ang pagsabi ng: "Rabbanā wa-laka –lḥamd" para sa lahat, 5. ang pagsabi ng: "Subḥāna rabbiya –l'a`lā) sa pagpapatirapa, 6. ang pagsabi ng: "rabī –ghfir lī..." sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa, 7. ang unang tashahhud, at 8. ang pag-upo para rito.

Kaya ang mga haligi,[1] [kapag may] anumang nawaglit mula sa mga ito dala ng pagkalingat o dala ng pananadya, ay nawawalang-saysay ang ṣalāh dahil sa pagkaiwan nito. Ang mga kinakailangan (wājib), [kapag may] anumang nawaglit mula sa mga ito dala ng pananadya, ay nawawalang-saysay ang ṣalāh dahil sa pagkaiwan nito; at [kapag] dala ng pagkalingat ay nag-aayos rito ang pagpapatirapa para sa pagkalingat (sujūd lissahw).[2] Si Allāh ay higit na maalam. [Basbasan ni Allāh ang Pinuno nating si Muḥammad sampu

---

[1] Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay: <<At ang mga haligi>>.

[2] Ang parirala sa una at ikalawang kopyang nakasulat-kamay na: <<Ang mga kinakailangan (wājib), [kapag may] nawaglit mula sa mga ito dala ng pagkalingat, ay nag-aayos rito ang pagpapatirapa ng pagkalingat (sujūdussahw); [kapag] dala ng pananadya ay nawawalang-saysay ang ṣalāh.>>. Sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay ay may pagdaragdag ng: <<dahil sa pagkaiwan nito>>.

ng mag-anak niya at mga Kasamahan niya at pangalagaan siya nang lubos na pangangalaga.][1]

[1] Ang nasa pagitan mga panaklong ay karagdagan sa ikalawang kopyang nakasulat-kamay.

# Index

Ang mga Kundisyon ng Ṣalāh, ang mga Haligi Nito, at ang mga Kinakailangan Dito .................................... 3
Ang Paunang Salita ng Tagapagsiyasat .................... 3
Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain .................................................................. 10
Ang mga kundisyon ng ṣalāh ay siyam:................. 10

tl167v1.0 - 03/09/2026